ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGLAKBAY SA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN AT BALARILA BATAY SA *MOST ESSENTIAL LEARNING COMPETENCIES (MELCs)*

**Jackelyn N. Cabasan, Shirrey Ian B. Abueva**
*Master of Arts in Education Major in Filipino, St. Mary's College of Tgum, Inc.*
*Graduate Education Department, Tagum City Philippines*

## ABSTRAK

***Ang layunin sa penomenolohikal na pananaliksik na ito ay mapakinggan at maunawaan ang buhay na karanasan ng mga taong nasa larangan ng pagtuturo partikular sa Junior High School na nagtuturo ng Filipino sa mga pampublikong paaralan. Upang matamo ang adhikaing ito, kwalitatibo at penomenolohokal na disenyo ng pag-aaral ang ginamit. Labing-apat (14) na mga guro mula sa Distrito ng Carmen, Dibisyon ng Davao del Norte ang napiling maging kalahok o partisipante ng pag-aaral. Ang masaganang mga tugon ng mga kalahok ay nakabuo ng sumusunod na mga pangunahing tema. Ayun sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto o MELCs lumitaw ang apat na tema: (1) kaginhawaan sa pagtuturo, (2) kahirapan sa pagtamo sa pangangailangan ng pagtuturo, (3) kahirapan sa pagtuturo at pagkatuto ng panitikan at balarila, at (4) kakulangan sa sapat na oras sa pagtamo ng mga kasanayan. Sa diskarte ng mga guro sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa Pinakamahalagang Pampagkatuto O MELCs lumitaw ang limang tema: (1) ginawang batayan ang MELCs sa pagtuturo, (2) integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto, (3) paglalapat ng iba't ibang diskarte at teknik, (4) pagtaguyod ng gampanin bilang tagapagturo, at (5) pagtataya sa perpormans ng mag-aaral. At ang mga kabatirang nahinuha ng mga guro mula sa kanilang pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto O MELCs, apat na tema ang lumabas: (1) Makabuluhang hatid ng MELCs, (2) pakikiayon sa hamong dala ng MELCs, (3) pagpapalawig sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto, at (4) patuloy na pagtaguyod at pagpapaunlad sa MELCs. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay bunga ng masigasig na pagtutulungan at pagtitiwala na mapabuti ang pagtuturo't pagkatuto. Tinitiyak ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay lubos na kapakipakinabang sa mga guro, mag-aaral, larangan ng edukasyon at ng mga mananaliksik sa hinaharap.***

**MGA SUSING SALITA***: Most Essential Learning Competency (MELCs), Filipino, Balarila, panitikan, estratehiya, kwalitatibong pananaliksik, Davao del Norte.*

## INTRODUKSIYON

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), bilang pinakamataas na namamahalang ahensya sa sektor ng edukasyon, ay nagpasimula ng samot-saring pambansang patakaran upang sumunod sa mga target na layuning maipagpapatuloy ang pagpapaunlad ng kaalaman ng mga estudyante. Bunga nito ay ang paglikha ng kagawaran ng talaan ng mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto o mas palasak sa tawag na Most Essential Learning Competencies (MELCs) na ipinatupad sa taong panuruan 2020-2021. Nagsilbing gabay ito sa mga tagapagturo habang tinutugunan ang mga kakulangan sa instruksyon sa mga mag-aaral. Gayunpaman, ayon kay Ravina at Mendoza (2021) maaaring nahihirapan ang ilang guro sa pagpapasya kung anong diskarte sa pagtuturo ang dapat gamitin at ilapat sa bawat aralin upang makayanan ang timeline na nakatakda para sa paksa tulad ng nakasaad sa MELCs. Dahil dito, sinusubukan ng mga guro ang pinakamabuting paraan ng pagtuturo sa mga kasanayang ilalapat sa pagtuturo.

Binanggit nina Cheung at Wong (2012) na ang reporma sa kurikulum sa Hong Kong ay nahaharap sa ilang mga hadlang at hamon na karaniwan sa maraming bansa, sa yugto ng pagpapatupad, tulad ng mabibigat na gawain ng mga guro, pagkakaiba-iba ng pagkatuto sa klase, at hindi sapat na pag-unawa ng mga guro sa reporma. Gayundin ang Sri Lanka sa kanilang pagpapatupad ng mga mahahalagang kasanayang pampagkatuto, ang pangunahing naging hamon na kinakaharap ng bawat guro ay walang tiyak na gabay o pamamaraan kung paano ihatid ang pag-aaral na ito na nakabatay sa kasanayan (Perukanda at Dahayanake, 2022). Samantala, sa isang pag-aaral sa Amerika naiulat na tulad ng maraming inisyatiba sa repormang pang-edukasyon, ang edukasyong nakabatay sa kasanayan ay naglalayong bawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa mga sistema ng edukasyon at mga gaps sa tagumpay sa mga mag-aaral (Evans, Graham, and Lefebvre 2019), na tukuyin at linangin ang natatanging

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

intelektwal, emosyonal at pisikal na kakayahan ng lahat ng indibidwal upang mamuhay ng matagumpay.

Sa Pilipinas, ang mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto o MELCs ay ipinatupad upang matugunan ang problema sa edukasyon sa panahong ng krisis. Sa paglikha ng mga MELCs, ang mga mahahalagang bahagi ay isinasaalang-alang. Ngunit sa isang pag-aaral na nailathala ni Zalun (2023), ipinakita sa resulta na ang MELCs ay lubos na nagamit sa paghanay ng aralin sa mga pamantayan ng nilalaman, pagbibigay ng mga akmang aktibidad, akmang pagpaplano ng banghay, pagbibigay ng mga angkop na mga tanong sa pagtatasa, at pagpaplano ng proseso sa pagkatuto.

Sa kabila ng mga nailathalang pag-aaral at literature kaugnay sa MELCs, wala pang pananaliksik kaugnay sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng balarila at panitikan sa Filipino gamit ang MELCs bilang gabay. At saka, ang napapanahong isyung ito ay makakatulong sa kakulangan ng panitikan sa pambansa at lokal na konteksto. Ito ang nag naghimok sa mananaliksik na masuri at malaman ang mga opinyon at saloobin ng mga guro habang itinuturo ang asignaturang Filipino na naayon sa talaan ng mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto.

**Layunin ng Pag-aaral**

Hangarin ng penomenolohiyang pananaliksik na ito na malaman at maintindihan ang karanasan ng mga tagapagturo ng panitikan at balarila sa Filipino batay sa pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto o MELCs. Ito rin ay naglalayon na mapakinggan ang saloobin, pananaw at opinyon ng mga guro mula sa iilang paaralan sa Dibisyon ng Davao del Norte.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang iyong mga naging karanasan bilang guro sa pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto o MELCs?
2. Ano ang mga diskarte ng mga guro sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto o MELCs?
3. Anong mga kabatiran ang nahinuha ng mga guro mula sa kanilang pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto o *MELCs*?

## METODOLOHIYA

Ang pagsusuring ito ay gumamit ng penomenolohikal na kwalitatibong pananaliksik. Batay kina Burns at Groove (2019), ang kwalitatibo na pananaliksik ay tumutukoy sa saklaw, pangkalahatan, subhektibo at nakatuon sa proseso na mga pamamaraan na ginagamit upang maunawaan, bigyang-kahulugan, ilarawan, at bumuo ng teorya sa isang kaganapan o tagpuan. Isa itong sistematiko, subhektibong pamamaraan para sa paglalarawan ng mga karanasan sa buhay at bigyan ang mga ito ng kahulugan.

Ang mga partisipante sa penomenolohikal na pananaliksik na ito ay labing-apat (14). Sa mga guro na kalahok, pito (7) ay sasailalim sa malalim na interbyu, at pito (7) ay sasailalim sa *focus group discussion*. Ito ay batay sa iminungkahi ni Creswell (2014) na ang pagpili ng laki ng sampol na kailangan para sa isang pag-aaral ay mahalaga. Gayundin sa isang phenomenological na pananaliksik, ang laki ng mga kalahok ay maaaring nasa pagitan ng 2 at 25. Ang pagpili ng mga kalahok na ito ay dapat sumasalamin at kinakatawan ang kaisahan na umiiral sa mga sampol.

Sa pagsuri ng mga datos gumamit ng thematic analysis na binalangkas nina Braun at Clarke (2018). Nagbalangkas sila ng anim na hakbang patungkol sa pagkakakilanlan ng tema: ito ang (1) pagiging pamilyar sa datos, (2) pagbuo ng mga paunang code, o kung ano ang ibinibilang na code; (3) paghahanap ng mga tema na may kasamang mga code at kumakatawan sa datos; (4) pagsusuri sa mga tema at kung gaano kahusay ang pagtugon nila sa tanong sa pananaliksik; (5) pagtukoy at pagbibigay ng pangalan sa mga tema; at (6) paggawa ng ulat at pagsulat tungkol sa mga tema sa paraang ipinahayag na karanasan ng mga nagtuturo ng Filipino sa pagbahagi ng karunungan sa panitikan at balarila.

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA

**MELCs bilang Gabay sa Pagtuturo**

Sa biglaang pagbabago sa pandaigdigang sistema ng edukasyon na dala ng pandemya na COVID-19 noong taong 2020, dumiskarte ang DepEd Philippines ng mga kongkretong alituntunin sa patakaran sa pagtiyak ng pagpapatuloy ng pagtuturo at pagkatuto sa antas ng saligan ng edukasyon sa buong bansa, at ang pagpapalabas ng Basic Education Learning Continuity Plan sa panahon ng COVID-19 ay ginawang posible (DepED, 2020). Ang Kagawaran ay sumasalamin sa paniniwala ng UNESCO na ang kalidad ng edukasyon, pag-access, at pagpapalakas ng sistema ay hindi maaaring ikompromiso sa panahon ng krisis (UNESCO, 2020), at ang paggawa ng kabaligtaran ay negatibong makakaapekto sa ating lipunan. Kaya naman, pinagtitibay ng Kagawaran ng Edukasyon ang pangako nitong ipagpatuloy ang paghahatid ng de-kalidad, naa-access, may-katuturan, at mapagpalayang serbisyo sa batayang edukasyon sa Pilipinas na nakaangkla sa balangkas ng Sulong EduKalidad.

**Mga Hamon sa Paggamit ng MELCs**

Ang k-12 curriculum guide ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) ay muling itinatag bilang Most Essential Learning Competencies ito ay bilang tugon ng departamento sa mga kahirapan sa pagtamo ng kasanayan sa panahon ng mg pagsubok, ito ay memorandum na nililinaw ang paggamit ng mga kasanayang pampagkatuto. Ipinanukala ng DepEd ang mga kasanayang ito para sa mga paaralan at mas mataas na tanggapan ng departamento bilang pangunahing sanggunian sa pagpili at pagsasabuhay ng mga teknik at istratehiya na angkop sa paghahatid ng pagkatuto na binibigyang halaga ang pagkakaiba-iba ng bawat mag-aaral na umaayon sa bagong normal na kapaligiran hatid ng coronavirus pandemic. Sa ngayon, ang mga tagapagturo ay kinakailangang talakayin ang pinakamahalagang paksang ibinigay ng institusyon kapag gumagawa ng mga materyales sa paghahatid ng pag-aaral. (Cabello et al., 2022).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan at Balarila**
Mula sa madali hanggang sa mahirap, nagtataguyod ang mga guro ng iba-ibang gawain. Nangangailangan ito ng masusing pagpili ng mga paraan at diskarte para makuha ang buong atensyon at interes sa aralin ng mga nag-aaral. Bukod dito, dapat may sapat na kasanayan, interes, at mithiin sa pagtuturo ang guro, marapat din na may malawak itong kabatiran sa mga adhikain at batayan ng kurikulum (Barberos, Gozalo at Padayogdog, 2018). Batay nga sa mga guro ng Unibersidad ng Corcodia Portland (2017), bawat guro ay may kanya-kanyang estratehiya ng pagtuturo, tulad ng hindi matututo ng isang bagay ang mag-aaral sa parehong paraan. Gumagamit ang mga guro ng mga estilo na naka-angkla sa kanilang pilosopiya sa edukasyon, lawak at bilang ng estudyante sa loob ng kanilang sili-aralan, kung ano ang paksa, mithiin, at misyon ng paaralan.

## MGA RESULTA AT PAGTALAKA

**Talahanayan 1**
**Mga Pangunahing Tema at Ideya Tungkol sa mga Naging Karanasan Bilang Guro sa Pagtuturo ng Panitikan at Balarila Batay sa Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto o *MELCs***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Kaginhawaan sa Pagtuturo | ● Madaling naituturo ang mga aralin gamit ang *MELCs* dahil sa katiyakan ng mga paksa<br>● Mahusay na pantulong sa pagtuturo ang *MELCs* bilang layunin<br>● Malinaw at epektibo ang pagtuturo ng panitikan at balarila<br>● Mas kaunti ang mga kasanayan na dapat matutuhan ng mga mag-aaral<br>● Nababawasan ang kahirapan bilang tulong at gabay sa kabila ng kahirapan sa pagtuturo |
| Kahirapan sa Pagtamo sa Pangangailangan ng Pagtuturo | ● Nalilimitahan ang mga guro sa pagtuturo dahil sa pagkakaroon ng mga espesipikong paksa na dapat matutuhan ng mga mag-aaral<br>● Nahihirapan sa paghimay-himay ng mga kasanayan<br>● Nagsisikap na tugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral gamit ang MELCs bilang gabay<br>● Kahirapan sa pagtuturo gamit ang MELCs dahil sa lawak ng saklaw at kinakailangan paghihimay-himay nito |
| Kahirapan sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Balarila | ● Pahapyaw ang pagtuturo ng balarila<br>● Higit na binibigyang-diin ang pagtuturo ng panitikan at napag-iiwanan ang balarila<br>● Mas maraming kasanayan ang nakapukos sa panitikan<br>● Hindi sapat ang mga paksa na nakatuon sa balarila<br>● Kakulangan ng pundasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral<br>● Nakapukos sa paglalapat ng balarila ang kasanayan ngunit kulang sa beysik na kaalaman ang mag-aaral. |
| Kakulangan sa Sapat na Oras sa Pagtamo ng mga Kasanayan | ● Hindi makatotohanang mga kasanayan dahil sa kakulangan ng oras<br>● Mahirap ituro ang mga kasanayan dahil higit pa ito sa inaasahan<br>● Katunggali ang oras at mga gawain sa paaralan<br>● Kahirapan sa pagpapatupad at pagkuha ng mga kasanayan dahil sa hindi sapat na oras at maraming mga aktibidad<br>● Problema sa oras |

**Kaginhawaan sa Pagtuturo**
*"Sa pamamagitan ng MELCs natitiyak na ang mga paksa na ating ituturo, nagagabayan ng MELCs ang mga tiyak na paksa na ating tinuturo." – IDI-01*
*"Ako po ay nasisiyahan sa pagtataguyod ng MELCs sapagkat, ito ay nagbigay ng malaking tulong para mapagaan ang ating pagtuturo sa mga mag-aaral." – IDI-02*
*"Mas klaro kung ano iyong mga paksa na dapat pagtuonan ng pansin." – IDI-03*

Pinatunayan sa pagsisiyasat ni McClymont (2019), sinabi niya na ang gabay sa aralin sa *MELCs* ay nagbigay sa mga tagapagturo at mga estudyante ng may malinaw na kahulugan at direksyon sa silid-aralan. Ang pakikipag-usap sa mga layunin ng pagkatuto sa mga mag-aaral, pagsalita man o pagsulat, ay mag-uudyok sa kanila na gumawa nang may malinaw na layunin sa isip, at ginagawang mas madali para sa mga guro at sa mga mag-aaral na manatili sa target sa buong aralin. Ito ay maihahambing sa pagsisiyasat na isinagawa ni Ravina et al. (2021) tungkol sa epekto ng mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto. Nabanggit nila na ang mapaunlad ang kalidad ng mga guro ang nasa puso ng kagawaran kung bakit ito nagsisikap na matamo ang kagalingan sa klasrum. Ito ay nagsimula nang ang struktura ng edukasyon ay dumaan sa malaking pagbabago. Sa kaalamang nakapaligid sa atin, na

makukuha kahit kailan at kahit saan, ang gampanin ng mga guro ay magiging maginhawa sa dalawampu't isang siglo.

**Kahirapan sa Pagtamo sa Pangangailangan ng Pagtuturo**
*"Parang nalilimitahan, naging limitado siya para sa mga guro dahil yun lang talaga yung dapat mong matamo o dapat makuha."-IDI-03*
*"Isa sa mga bagay na hindi ko naibigan sa MELCs ay ang malawak na kumpetensi nito." – IDI-04*
*"Ako ay medyo nahihirapan, dahil sa kailangan mo pa itong himay-himayin sapagkat ito ay malawak."-FGD-06*

Sa Pilipinas, isang pag-aaral na isinagawa ni Zalun (2023) sa paggamit ng MELCs, ayon sa napagtanto ng mga kalahok, ay nahayag na ilan sa mga suliranin na kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng MELCs ay kinabibilangan ng kawalan ng kooperasyon mula sa parehong magulang at mag-aaral, kakulangan ng mga mapagkukunang pinansyal, at kakulangan ng magagamit na mapagkukunan ng pag-aaral.
Gayundin, sa pagsisiyasat na isinagawa nina Pagana, Mutambara, at Chagwiza (2015). Binigyang diin nila na ang malaking pagkakaiba sa gitna ng nilalayon na kurikulum at pagtuturo sa silid-aralan ay isa sa pangunahing nag-aambag sa kung bakit ang mga mag-aaral ay hindi gumagana nang mahusay sa mas mataas na antas ng pag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral kung paano himayin ang kurikulum, at ang proseso ng pag-uugnay sa pagitan ng nilalayon ng kurikulum at pagtuturo sa silid-aralan ay isang suliranin.

**Kahirapan sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Balarila**
*"Ang MELCs ay parang pahapyaw lamang po ang ating pagtuturo sa balarila na siyang higit na mas kailangan ng mga mag-aaral ngayon." – IDI-02*
*"Tila ba napag-iiwanan na ang pagtuturo ng balarila"-IDI-04*
*"Katulad sa balarila ito ay espesipiko, kaya lamang mas kaunti ang balarila kaysa sa panitikan."-IDI-05*
*"Pundasyon ba, yun ang kulang. Hindi nila naiintindihan ang mga pangungusap kasi malalim."-FGD-02*

Naiulat sa pag-aaral ni Misa (2021) na ang pangangailangan ng balarila sa pagtuturo kung saan ang pagkakaroon ng kasanayan o kagalingan sa balarila ay pundasyon ng pagkakaroon ng kahusayan sa wika, mahalaga ang balarila bilang bahagi ng wika sa pagtuturo. Subalit, hindi sapat ang kahandaan at kakayahang panggramatika sa pagkatuto ng balarila ng isang mag-aaral. Sa katunayan, nagiging mahirap ang pagkatuto ng balarila para sa mga mag-aaral dahil ayon sa resulta sa pag-aaral ni Napil at San Jose (2020), ibinunyag ng mga kalahok na nahirapan silang matuto ng balarila sa Filipino dahil sa limitadong babasahin tulad ng mga libro. Dagdag pa rito, binanggit ng mga kalahok na sila ay naiinip dahil ang mga guro ay kulang sa mga estratehiya sa pagtuturo na angkop sa kanilang mga istilo ng pagkatuto.

**Kakulangan sa Sapat na Oras sa Pagtamo ng mga Kasanayan**
*"Ang mga bagay na hindi ko naibigan sa MELCs ay masyado itong marami at hindi makatotohanan na makuha ng mga bata sa kakaunting panahon lang."-IDI-06*
*"Kasi hindi masyadong napagtuonan, hindi masyadong nabigyang diin dahil hinahabol tayo ng oras – IDI-07*
*"Kaya nga minsan, parang nakukulangan ako. Hindi pa sapat."-FGD-03*
Sa resulta ng pagsisiyasat nila Gabriel,et al (2020) sinabi nila na ang kakulangan sa oras upang talakayin ang mga paksa na kinakailangan para sa pag-aaral ng ilan sa mga kakayahan ay kadalasang nangyayari. Pinalala nito ang mga puwang sa pagitan ng mga kakayahan at ang mga pundasyon ng mga kakayahan sa pag-aaral ay humina. Dagdag pa nila, naniniwala ang guro na ang oras at mga mapagkukunan sa pagkatuto ay ang pinakamahalagang salik sa paghahatid ng pagbabahagi ng kaalaman. Ang pagtugon sa mga puwang sa pagitan ng mga kasanayan ay magpapatibay sa kanilang pundasyon para sa pag-aaral ng mga bagong konsepto.

**Talahanayan 2**
**Mga Pangunahing Tema at Ideya sa mga Diskarte ng mga Guro sa Pagharap sa mga Hamon sa Pagtuturo ng Panitikan at Balarila Batay sa Pinakamahalagang Pampagkatuto o MELCs**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Ginawang Batayan ang MELCs sa Pagtuturo | • Ginagamit bilang batayan sa mga paksang itatalakay<br>• Naghahanap ng mga sanggunian at dagdag kaalaman sa pamamagitan ng internet<br>• Paggamit ng MELCs upang magkaroon ng mga gawain na nakapokus sa mga mag-aaral<br>• Paggamit ng budget of work bilang sanggunian sa paggamit ng MELCs. |
| Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto | • Paggamit ng teknolohiya para umangkop sa pagbabago at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral<br>• Paggamit ng teknolohiya bilang tugon sa mga hamon ng edukasyon<br>• Paggamit ng teknolohiya para mas madaling maitaguyod ang mga aralin<br>• Pakinabangan ang paggamit ng mga mag-aaral ng gadget |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Paglalapat ng ibat-ibang Diskarte at Teknik | ● Paghahanda ng banghay-aralin at mga estratehiyang aangkop sa estilo ng mga mag-aaral<br>● Paggamit ng magkakaibang gawain sa pagtuturo at pagkatuto<br>● Nakasentro sa mag-aaral ang mga gawain na aktuwal<br>● Gumagamit ng mga estratehiya sa pagbasa upang maitaguyod ang pagtuturo ng panitikan |
| Pagtaguyod ng mga Gampanin Bilang Tagapagturo | ● Pagsisikap na maitaguyod ang talakayan sa panitikan at balarila<br>● Pagpapaunlad sa sariling kakayahan sa pagtuturo para umangkop sa makabagong panahon<br>● Pag-aangkop sa sarili sa ipapatupad na aralin |
| Pagtataya sa Perpormans ng Mag-aaral | ● Gumagamit ng rubrik bilang batayan sa pagtataya<br>● Gumagamit ng pagsusulit para masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral<br>● Gumagamit ng performans na mga gawain upang masukat ang pagkatuto ng ng mga mag-aaral<br>● Paggamit ng mga estratehiya at pagtataya tungo sa pagtamo ng mga kasanayan |

**Ginawang Batayan ang *MELCs* sa Pagtuturo**
*"Mapapadali kung ibabatay natin sa MELCs ang mga paksang aralin." – IDI-01*
*"Ang unang ginagawa natin ay titingnan kung anong linggo na tayo sa ating aralin. Pangalawa, maghahanap tayo ng iba't ibang sanggunian para sa ating aralin."-IDI-02*
*"Mas nakapokus sa mga mag-aaral ang gawain ng isang guro upang magkaroon ng epektibong pagkatuto sa loob ng klase."-IDI-04*

Binanggit nina Sengai at Mokhele (2021), na parating ginagamit ng mga guro ang mga sanggunian para mas maging epektibo ang kanilang pagtuturo. Dagdag pa nila na ang pagiging maparaan ay makatutulong sa guro na gawing simple ang mga kakayahan at gawin itong madaling ma iproseso ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda binangit ni Cox (2019), na ang mga gabay sa pagtuturo ay mga pangkalahatang gabay na naglalarawan ng mga layunin na dapat matugunan ng mga estudyante sa pangkalahatang proseso ng pagtuturo. Sa paggawa ng gabay sa pagtuturo kinakailangang magtakda ng layunin, linangin ang mga estratehiya at alamin ang angkop na kagamitang gagamitin. Ito ay dapat naglalaman ng mga tiyak na sangkap o hakbang upang mas madaling matamo ang mga layunin.

**Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto**
*"Siguro dahil nga sa makabagong teknolohiya, kinakailangang maiangkop mo ang iyong sarili bilang isang guro."-IDI-03*
*"Paggamit ng ICT sa edukasyon. Ang mga kabataan ngayon ay tinatawag ng generation Z. Mas maganda din na gamitin ang mga videos sa pagtuturo para pwedeng balikan ito ng mga mag-aaral kapag nahihirapan sila sa aralin."-IDI-07*
"*Bilang guro, ang ginagawa ko ay hinahabol ko na lamang o gagamit ng teknolohiya para sa ibang gawain" – IDI-01*

Sa pag-aaral ni Gloria (2021) ipinakita na ang kalidad ng pagbibigay-kaalaman, kagustuhang mag-aral ng mga estudyante sa isang espesipikong paksa, at ang pagkakaiba-iba ng mga kakayahan ng bawat mag-aaral ay magiging posible lamang kung ang pagpapatupad ng mga diskarte ay tunay na makakatulong sa modernong silid-aralan, kabilang ang teknolohiya. Higit pa rito, sinabi niya na ang teknolohiya ay mahalaga para sa kalidad ng edukasyon, ngunit nangangailangan ito ng mabusising paghahanda sa pag-aaral. Bilang karagdagan, malalaman nito kung paano nakikipag-ugnayan ang mga estudyante sa kanilang mga guro at kung ano-anong diskarte sa pagtuturo ang magiging epektibo, at higit sa lahat, magbibigay ito ng gabay sa mga guro sa pagtuturo sa lahat ng apat na sulok ng silid-aralan.

**Paglalapat ng iba't ibang Diskarte at Teknik**
*"Paghahanap ng mga epektibong estratehiya katulad na lamang ng mga iba't ibang gawain na kung saan nakapokus sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral."-IDI-04*
*"Hinahanap ko po o tinitingan ko ang pinakasimpleng aralin na naaangkop pa rin sa MELCs." – IDI-02*
*"Kaya, ang ginagawa ko ay pinapartner ko sa medyo mahihina. Minsan naman, pangkatang gawain tulad ng jigsaw upang mas madali."-IDI-05*

Nabanggit ni Llego (2019) na ang mga guro ay may iba't ibang mga kasanayan at pamamaraan na ginagamit upang mapagtagumpayan ang kanilang mga klase. Kapag ginamit, ang ilan sa mga estratehiyang ito ay gumagawa ng nilalaman na mas mahusay kaysa sa iba, depende sa kung kanino mo ginagamit ang mga ito. Ito ay nakumirma sa pag-aaral na isinagawa nina Cardino at Dela Cruz (2020) kung saan itinalakay nila na ang mga estratehiya sa pagtuturo na kanilang ginamit ay na impluwensyahan sa istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagtukoy sa kanilang mga istilo ng pag-aaral ay magiging isang malaking tulong sa mga guro sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng isang partikular na diskarte na nababagay sa kanila.

**Pagtaguyod ng mga Gampanin Bilang Tagapagturo**
*"Pinipilit ko po talaga na sa isang linggo makapagtalakay ako." – IDI-02*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*"Kung ganoon ikaw mismo ay ang pinakamagandang estratehiya at pinakamagandang biswal sa iyong silid-aralan, kaya nasa iyo ang pagtamo ng epektibong pagtuturo."-FGD-02*
*"Di ako makakapag-unpack kung hindi ko ihahanda ang sarili ko."-FGD-03*

Rogayan (2018) na ang gampanin ng mga guro ay hindi lamang sumasaklaw sa delibiri ng pang-akademikong kurikulum bagkus sakop din nito ang paglinang na mapabuti, mamulat, at mapaunlad ang sarili. Pinangangatwiranan lamang na ang mga guro ay may malaking tungkulin sa sistemang napapaloob sa anumang lipunan higit lalo sa paghubog sa karunungan, kamalayan at kaasalan ng kabataan. Magsisilbing hiyas ang mga katangiang ito sa pagsuong sa hamon ng kanilang napiling karera sa hinaharap at maging epektibo sa papel na kanilang ginagampanan bilang tagapagturo ng mga kabataan

**Pagtataya sa Perpormans ng Mag-aaral**
*"Sinisiguro natin na epektibo ang pagtuturo sa pamamagitan ng kanilang mga awtput."-IDI-01*
*"Pagbibigay ng maikling pagsusulit pagkatapos ng aking pagtatalakay."-IDI-02*
*"Binibigyan ko sila ng gawaing pagganap na kung saan ito ay may kaakibat na pamantayan."-IDI-04*

Ang pag-aaral ni Liwanag (2018) ay nagpapahiwatig na ang mga estudyante ay aktibong nakikibahagi sa pagtataya at maaaring gamitin ang mga lumabas na resulta para sa pansariling pag-unlad. Sa halip na paulit-ulit na pag-memorya sa mga ideya ng aralin ang mga pagtataya ay dapat na magtagumpay sa paraang paglikha. Ayon naman sa pag-aaral na isinagawa ni Black and Wiliam (2018), sinusuportahan ng pagtataya ang pag-aaral kapag nakatanggap ang mga estudyante ng feedback na nakakatulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

**.Talahanayan 3**
**Mga Pangunahing Tema at Ideya sa Mga Kabatirang Nahinuha ng mga Guro Mula sa Kanilang Pagtuturo ng Panitikan at Balarila Batay sa Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto O MELCs**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Makabuluhang Hatid ng MELCs | • Kahalagahan ng MELCs tungo sa maayos na pagtuturo<br>• Pagiging mainam sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto<br>• Nagbibigay ang MELCs nang malinaw na gabay sa pagtuturo at pagkatuto<br>• Nalilinang ang literasi at kakayahan ng mag-aaral dahil sa MELCs |
| Pakikiayon sa Hamong Dala ng MELCs | • Balakid dahil sa hindi sapat na mga kagamitang panturo at mga sanggunian<br>• Hindi makayanan ang pagpapatupad sa dami ng mga kasanayan<br>• Pagpapahayag ng kabigatan ng ibang kasanayan para sa mga mag-aaral<br>• Pagkumpara ng mga kasanayan sa ibang asignatura<br>• Pagpapahayag ng damdamin sa pagpapahalaga ng balarila sa pagkatuto ng mga mag-aaral |
| Pagpapalawig sa Proseso ng Pagtuturo-Pagkatuto | • Kinakailangan ang sapat na sanggunian sa pagtuturo ng MELC<br>• Kailangan ng nakahandang banghay-aralin, mga sanggunian, gawain, at mga kagamitang panturo<br>• Magpatupad ng mga pagsasanay at seminar para sa mga guro<br>• Maisaayos ang sistema ng edukasyon upang magkaroon makasabay sa pandaigdigang kompetisyon ng edukasyon<br>• Kailangang rebisahin ang MELCs para mabigyang diin ang pinakamahalagang kasanayan |
| Patuloy na Pagtataguyod at Pagpapaunlad sa MELCs | • Magiging epektibo ang pagpapatupad ng MELCs kasabay ang mabusising pag-aaral<br>• May kakulangan sa kabila ng mga interbensyon<br>• Pagpapahayag ng epektibo at negatibong epekto ng MELCs<br>• Umangkop sa mga pagbabago na ikakabuti ng mga mag-aaral<br>• Mahalaga at kinakailangan ang pagkakaisa ng mga guro |

**Makabuluhang Hatid ng MELCs**
*"Ang MELCs ay nakapagbibigay ginhawa kasi hindi mo na kailangang sundin yung napakaraming kasanayan na ginagamit natin noon." -IDI-01*
*"Iyon talaga ang nakakatulong sa akin bilang guro, malinaw kung ano ang nakasaad sa ating gabay."-IDI-03*
*"Dahil sa pagbabagong ito, mas lalong tumutugon ito na malinang ng buo at ganap ang literasi ng mga mag-aaral."-IDI-07*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang resultang ito ay kasang-ayon sa pahayag ni Zalun (2023) na sa pamamagitan ng paggamit ng MELCs, aktibong lumalahok ang mga estudyante sa mga aktibidad sa ilalim ng patnubay at pangangasiwa ng kanilang mga guro. Tumutulong din ang MELCs sa disenyo at pagbuo ng gabay sa aralin, na magsisimula sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga layunin dahil nagbibigay ito ng mapa ng daan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ito ay nagsisilbing makabuluhang kasangkapan sa mga guro, na nagpapagaan ng pasanin sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagtukoy sa kaalaman, pag-unawa, kasanayan, at mga saloobin na inaasahan nilang ipakita sa bawat aralin. Bukod dito, tinutukoy ng mga MELCs ang mga partikular na kasanayang kinakailangan para sa bawat paksa, na mahalaga para sa pagbuo ng gabay sa aralin, habang umiikot ang mga ito sa paksa na umaayon sa kurikulum**.**

**Pakikiayon sa Hamong Dala ng *MELCs***

*"Kailangan pa ring himay-himayin."-IDI-05*

*"Masaya kasi mayroong gabay na kaya madali lang."-FGD-03*

*"Ang baguhin nila, ilagay nila sa kurikulum na magkaroon sana sila ng balarila."-FGD-06*

Inihayag nina Gratela, Dio, at Deri, (2023) na ang spiral na pag-unlad ay tinukoy bilang isang kursong larangan ng pag-aaral kung saan makikita ng mga estudyante ang parehong mga paksa sa pagtaas ng pagiging kumplikado at pagpapatibay ng nakaraang pag-aaral sa buong karera nila sa paaralan. Gayunpaman, may ilang mga puwang na naobserbahan sa pagpapatupad kung saan naranasan ang kawalan ng pagpapatuloy ng mga aralin mula kindergarten hanggang sa mas mataas na lebel o baitang. Mga salik tulad ng napakaraming nilalaman ng kurikulum, oras na tinakda, at kakulangan ng mga kinakailangang kasanayan ng mga mag-aaral na naobserbahan bago ang pandemya na makikita sa puna ng mga gurong impormante. Bukod dito, ang mga hamon na nakatagpo sa kasalukuyang pandemya na edukasyon ay nakategorya sa tatlo, ito ay ang mga sumusunod: Pag-unpack ng MELCs; Pagtuturo at Paghahatid ng Aralin; at Kakulangan ng Mga Kagamitang Panturo.

**Rekomendasyon para sa Karagdagang Pananaliksik**

Naging matagumpay ang pagsisiyasat na ito sa pagkamit ng mga layunin at pagkuha ng mga tugon sa mga tanong sa pamamagitan ng mga nabuong pangunahing tema na lalong mas nagbigay linaw sa umiiral na penomenon sa paghahatid at pagtamo ng kaalaman sa panitikan at balarila gamit ang *MELCs* bilang gabay. Inilarawan din dito ang mga hamong naranasan at kung paano ito hinarap, mga saloobin at pangkalahatang pananaw ng mga guro.

Gayunpaman, hindi maikakaila na ang pagsisiyasat na ito ay nagbigay lamang ng mga deskripsyon, saloobin, at paninindigan ng labing-apat (14) na mga tagapagturo na nauugnay sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo gamit ang *MELCs*. Samakatuwid, ang mga nadiskubre ng paggalugad na ito ay hindi pwedeng gamitin upang tingnan ito sa panlahat na karanasan ng mga nagtuturo sa Filipino. Ngunit, maaaring gamitin ito bilang pundasyon at batayan para sa mas mabigat na pangwatas sa penomena ng pag-aaral.

Sa puntong ito, iminumungkahi na may isasagawa pang katulad na pananaliksik na nakatuon sa paghahatid at pagtamo ng kaalaman sa asignaturang Filipino. Ipatupad sa mas malawak na populasyon para magkaroon ng pangkalahatan ngunit dalisay na pagpapaliwanag sa larangan ng pag-aaral. Iminumungkahi din nito na magsagawa ng pag-aaral mula sa kinatatayuan ng mga mag-aaral, upang higit na maunawaan ang suliranin sa pagkatuto ng panitikan at gramatika. Sa pamamagitan nito ang mga tagapangasiwa at tagapagpatupad ng kurikulum, kasama ang mga guro, ay makapagplano at makapaglikha ng kapakipakinabang na mga estratehiya na tutugon sa parehong mga pangangailangan sa pagtuturo at pagkatuto.

**Pangwakas na Pananalita**

Ang pananaliksik ay hindi isang madaling paraan sa pag-abot ng hangarin na makakuha ng kaalaman at pag-unawa sa mga umiiral na problema. Ngunit sa pagbabago ng panahon, kinakailangang makisabay at umangkop upang lalong mapaunlad ang pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga estudyante . Kaya gaano man kahirap ang pagsagawa ng isang pananaliksik, itinaguyod ito na may kasamang pag-asa at paniniwala na ito ay magpapabuti at magpapa-unlad sa proseso at sistema ng edukasyon.

Ang proseso ng paglikom ng mga datos sa paraang panayam at *focus group* na diskusyon ay hindi naging madali. Maraming inihanda ang mananaliksik upang matiyak ang maayos na talakayan sa mga respondente. Kahit na nagkaroon ng problema sa bakanteng oras ng mga guro matagumpay pa rin na naisagawa ang mga panayam at nakamit ang mga mayaman na tugon sa mga tanong na inihanda sa pananaliksik. Pagkatapos ng panayam, isinagawa ang pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng transkripsyon, pagsasalin, at pagkuha ng mga pangunahing ideya at tema. Ang tapat na pagbabahagi ng mga kalahok ng kanilang mga karanasan ay lubusang nagbigay sa mananaliksik ng kapanatagan sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito.

May napagtanto ang mananaliksik habang isinasagawa ang pag-aaral na ito. Ang mga taong patuloy na sumusuporta at gumagabay sa pananaliksik na ito ay mahalaga sa tagumpay nito. Bilang karagdagan, ang mananaliksik ay nakakuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu at pananaw ng mga guro kapag gumagamit ng *MELCs* sa pagtuturo ng panitikan at balarila.

Sa wakas, ang pag-aaral na ito ay produkto ng pagsusumikap, dedikasyon, sakripisyo, oras, at walang katapusang pagnanais na mapaunlad ang kaalaman.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 4| April 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## TALASANGGUNIAN

1. *Barberos, M. T., Gozalo, A., & Padayogdog, E. (2018). The Effect of the Teacher's Teaching Style on Students' Motivation Action Research. https://steinhardt.nyu.edu/teachlearn/research/action/motivation.*
2. *Black, P., and Wiliam, D. (2018). Classroom Assessment and Pedagogy. Assess. Educ. Principles, Policy Pract. 5 (1), 7–74. doi:10.1080/0969594X.2018.1441807*
3. *Braun, V. & Clarke, V. (2018). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in psychology, 3(2), 77- 101.*
4. *Burns, N. & Groove, S. (2019). Understanding Nursing Research: Building Evidence- Based Practice. 4. St. Louis, MO: Elsevier, 2007. Pp. 60-96.*
5. *Cabello, C. A. (2022). Higher Education Professors*
6. *in Blended Learning Modality of Teaching: The Silent Tears of Heroes Towards Resiliency. Journal of Positive School Psychology, 6(3), 6171-6183.*
7. *Cabigao, J. R. (2021). Class Observation Post-Conference Framework for Teachers. IJAMR Volume. https://www.researchgate.net/publication/349692651_Class_Observation_Post-Conference_Framework_for_Teachers*
8. *Cardino, J., Ortega-Dela Cruz, R., (2020). Understanding of learning styles and teaching strategies towards improving the teaching and learning of mathematics. Department of Education, Division of Los Baños, Laguna, Philippines 2 University of the Philippines Los Baños, Laguna, Philippines*
9. *Cheung, A. & Wong, P. (2012). Factors Affecting the Implementation of Curriculum Reform in Hong Kong: Key Findings from a Large-Scale Survey Study. International Journal of Educational Management 26 (l): 39–54*
10. *Creswell, J. W. (2014). Research Design: Qualitative, quantitative and mixed methodsapproaches. Sage.*
11. *Corcodia University-Portland. (2017). Which is Best: Teacher-Centered or Student-Centered Education?. https://education.cu-portland.edu/blog/classroom-resources/which-is best-teacher-centered-or-student-centered.*
12. *Cox, J. L., Henrichsen, L. E., Tanner, M. W., and McMurry, B. L. (2019). The needs analysis, design, development, and evaluation of the english pronunciation guide: An ESL Teachers' guide to pronunciation teaching using online resources. Electr. J. English Second Lang. 22, 1–24. doi: 10.1007/978-981-13-2262-4_91-1*
13. *Department of Education. (2020). Learning Opportunities Shall Be Available: The Basic Education Learning Continuity Plan in The Time Of COVID-19*
14. *Department of Education. (2020). DM NO. 89, S. 2020. Clarifications On the Use Of The Most Essential Learning Competencies (MELCs) and Other Related Issues*
15. *Evans, Carla M., Erika Landl, and Jeri Thompson. (2021). Making Sense of K-12 Competency-Based Education: A Systematic Literature Review of Implementation and Outcomes. The Journal of Competency-Based Education 5, no. 4. https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya https://doi.org/10.1002/cbe2.1228*
16. *Gabriel, B., Nepomuceno, D., Kadusale, M.H., Taneo, J., and Cabello, C. (2022). The Compromised Most Essential Learning Competencies: A Qualitative Inquiry. Psych Educ, Document ID: 2022PEMJ0, doi: 10.5281/zenodo.7162134, ISSN 2822-4353*
17. *Gaite, R., & Malayao, S., (2022). Review on the Most Essential Learning Competencies (MELCS) in Science: Potential Learning Difficulties in Chemistry of Students in Iligan City National School of Fisheries (ICNSF). https://www.researchgate.net/publication/357936550*
18. *Gloria, A., (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon_ng_Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemy https://doi.org/10.37134/ejsmt.vol10.2.3.2023*
19. *Liwanag, L. (2018). Pagtataya ng Natutuhan. https://slidetodoc.com/pagtataya-ng-natutuhan-lydia-b-liwanag-ph-d/*
20. *https://slideplayer.com/slide/14093014/*
21. *Llego, M. A. (2019). Deped Order on Time Allotment per Learning Areas. https://www.teacherph.com/deped-orderon-time-allotment-per*
22. *McClymont, Geri (2019). 7 Components of an Effective Classroom Lesson Plan. https://owlcation.com/academia/Components-of-an-EffectiveClassroom-Lesson-Plan*
23. *Napil, M. & San Jose, A. (2020). Beliefs and Strategies in Filipino Language Learning and Academic Performance of Indigenous Students. DOI:10.15739/IJEPRR.20.017*
24. *Pagana J., Nyikahadzoyi M., Mutambara L. H. N., & Chagwiza C. (2015). The Nature of The Gap Between the Intended and the Implemented Ordinary Level Mathematics Curriculum: A Case Study of Mashona Land Central District. Research & Reviews: Journal of Educational Studies, 14-21.*
25. *Ravina, J.P., Mendoza, J.R., (2021). Teaching Approach in Science, Their Use and Effectiveness on Most Essential Learning Competencies (MECS) Distribution. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)-Peer Reviewed Journal, Volume 7, Issue 7, 2021.*
26. *Rogayan, Jr. D.V. (2018). Why young Filipino teachers teach? Asia Pacific HigherEducation Research Jour-nal, 5(2), 48-60.*
27. *Sengai, W., & Mokhele, M. L. (2021). Examining The Role of Instructional Materials in The Implementation of History 2166 Syllabus In Zimbabwe. African Perspectives of Research in Teaching & Learning 5(1).*
28. *UNESCO. (2020). COVID-19 EducationResponse.https://en.unesco.org/covid19/educationresponse/globalcoalition2010http://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1081617.pdf*
29. *Zalun, J. G. (2023). The Teachers' Utilization of the Most Essential Learning Competencies (MELCS) and its Relation to the Learning Development of Grade Six Pupils in a Public School in the Philippines: Basis for a Proposed Program. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education. Research.4(6), 1888–1903. doi: 10.11594/ijmaber.04.06.15*